

Ang misyon namin ay para abisuhan ang trabaho ng Lehislatura na siguruhin ang ligtas, kalidad na mga serbisyo para sa mga taong developmental na kapansanan.

Ang programang DD Ombuds ay paraan para maabot ang mga taong may mga developmental na kapansanan para masiguro na sila ay ligtas at matugunan ang mga pangangailangan nila. Tumutulong ang DD Ombuds na malutas ang mga reklamo pati nang mahanap at matugunan ang pang-aabuso.

Ang DD Ombuds ay isang probadong, independiyenteng opisina, hindi bahagi ng DDA o DSHS.



Telepono: (833) 727-8900

Fax: (206) 957-0729

Email: info@ddombuds.org

Website: www.ddombuds.org

Para sa agarang tulong

Hindi nagbibigay ang DD Ombuds ng mga pang-emerhensiyang serbisyo. Kung nakakaranas ka ng emerhensiya at kailangan ng agarang tulong, tumawag sa 9-1-1.

Para mag-ulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, pag-aabandona o pinansiyal na pagsasamantala sa bata o mahinang adult, tumawag sa 1-866-363-4276. (1-866-ENDHARM).



ONakangiti ang Kawani ng DD Ombuds at mga miyembro ng Komite ng Tagapagpayo para sa camera.



Sino'ng tatawagan mo?



Tawagan ang DD Ombuds!

Kontakin kami!

Telepono: (833) 727-8900

Website: www.ddombuds.org

Ang Trabaho Namin

Nagtatrabaho kami para mapabuti ang mga buhay ng mga taong may developmental na kapansanan sa pagbibigay ng mga serbisyong ito:

Impormasyon at Referral

Kung kailangan mo ng suporta pero hindi alam kung saan pupunta, susubukan ng DD Ombuds na magbigay ng mga dulugan para ituro ka sa tamang direksiyon.

Paglutas ng Reklamo

Nakikipagtulungan kami sa mga indibiduwal na tao na subukan at lutasin ang mga reklamo tungkol sa mga serbisyong DD.

Pagsubaybay na Pagbisita

Regular naming binibisita ang mga lokasyon, kung saan nakakatanggap ang mga tao ng mga serbisyo, tulad ng pribado at pinatatakbo ng estadong sinusuportahang pamumuhay, mga institusyon, mga pribadong tahanan, at pati mga setting ng pag-employo o libangan.

Pagpapabuti sa Mga Sistema

Gumagawa kami ng mga rekomendasyon sa mga tagapaglaan ng serbisyo, Estado at Lehislatura kung paano pabubutihin ang mga serbisyo.

Bakit magrereklamo?

Ayaw mo ang pagtrato sa iyo o sa taong mahal mo.

Hindi mo magawa ang mga bagay na gusto mo.

Hindi ligtas ang pakiramdam mo.

Hindi ka makapagpasya para sa sarili mo.

Wala kang privacy.

May sumasakit sa iyo sa anumang paraan.

Hindi ka masaya sa mga serbisyong natanggap mo.

Narito kami para tumulong!

Tandaan, patuloy na pag-usapan ang problema mo hanggang may makinig!

Sino ang maaaring gumamit sa mga serbisyo namin?

Ang mga indibiduwal na taong nakakatanggap ng mga serbisyong developmental disability sa Washington state, pati na mga kaibigan nila, pamilya, mga tagapag-alaga o kawani sa ngalan ng indibiduwal ay maaaring humiling ng mga serbisyo namin.

Ang sinumang may kapansanan ay maaaring tumawag sa tanggapan ng DD Ombuds para makatanggap ng impormasyon at referral sa mga angkol na organisasyon.

Madaling magreklamo!

Maaaring magreklami gamit ang aming online na form sa pagrereklamo, sa pagtawag sa aming toll-free na numero o nang personal sa isa sa mga pagsubaybay na pagbisita ng DD Ombuds.

Maaaring anonymous na gawin ang mga reklamo.

Ang proseso ng pagreklami

Rerepasuhin ng DD Ombuds, ngunit maaaring hindi imbestigahan, ang bawat reklamo. Kung malaman namin na kailangan namin ng mas marami pang impormasyon, may tao mula sa tanggapan ng DD Ombuds ay maaaring mag-follow up sa inyo.

Ang DD Ombuds sa lugar niyo ay makikipagtulungan sa inyong malutas ang reklami sa pinakamababang antas na posible.

Kung magreklamo ka tungkol sa inyong tahanan o trabaho, uunahin ang DD Ombuds ang mga lugar na ito sa pagbisita sa hinaharap.

